

**Para sa mga karagdagang impormasyon, makipag-uganayan sa:**

ctsouth@aucklandtransport.govt.nz
ctnorth@aucklandtransport.govt.nz
ctcentral@aucklandtransport.govt.nz
ctwest@aucklandtransport.govt.nz
Phone: (09) 355 3553
Website: www.aucklandtransport.govt.nz

IT'S COOL TO WALK TO SCHOOL

# Gabay sa Kaligtasan sa Kalye para sa Mga Boluntaryo para sa Walking School Bus

## Ang Walking School Bus

(Lumalakad na Bus ng Paaralan)





Travelwise School

Proudly supported by

Auckland Transport
An Auckland Council Organisation

# Mga tungkulin ng mga bata

Ang mga bata ay dapat na lumakad sa mga footpath at:

- makinig sa mga drayber ng WSB
- **huminto, lumingon at makinig** kapag tumatawid ng kalsada
- lumakad sa likuran at sumabay sa grupo
- manatili sa bandang tabi ng bahay ng footpath
- lumakad, huwag tumakbo
- makisabay sa iba sa footpath.

# Tumawid ng kalsada nang ligtas

Ang mga drayber ng WSB ay walang kapangyarihang magpahinto ng trapik para makatawid.

Kapag handa na kayong tumawid ng kalsada, pumili ng isang ligtas na lugar na malayo sa mga nakaparadang sasakyan, sulok o kanto o iba pang mga panganib.

Ipunin ang mga bata sa inyong paligid nang malayo sa kurbada hanggang sa ligtas nang tumawid.

Mas ligtas na tumawid nang grupo-grupo, hal. apat na nasa dalawang hanay, kaysa sa pare-pareha. Tumawid sa kalsada, lumilingon at nakikinig habang tumatawid.

Kapag kayo ay nakatawid nang ligtas, ipunin palayo sa kalsada ang mga bata at magpatuloy sa paglalakad.

Kapag may sasakyang huminto para hayaang tumawid ang grupo, mahalagang inyong tingnan kung napansin at alam ng ibang sasakyan kung anong ang nagaganap. May panganib na ang ibang sasakyan ay mag-oovertake sa nakahintong sasakyan. Dahil sa kadahilanang ito na mas ligtas na senyasan ang trapiko na magpatuloy at tumawid na lamang kung ligtas na ang kalsada.

Tandaan, mas mahirap ihinto ng mga drayber ang sasakyan sa pangit na panahon at mas mahirap kayong mapansin.

Dapat na mahigpit ang pag-iingat kung kayo ay nakasuot ng hooded na kasuotan o gumagamit ng payong dahil sa maaaring makasagabal ang mga ito sa inyong pandinig at paningin.

## Sa pagtawid ng pedestrian

Maghintay hanggang sa ang lahat ng mga sasakyan ay huminto bago tumawid. Palaging mas nakakabuti ang magkatinginan sa mata ng drayber bago ang pagtawid. Manatiling lumilingon at nakikinig sa kabuuan ng inyong pagtawid.

## Sa pagtawid ng refuge island

Huwag kayong magsiksikan sa ligtas na bahaging hintayan ng dalawang island, kaya inirerekomendang kayo ay tumawid bilang mas maliliit na grupo. May isang nasa tamang edad dapat ang sumabay sa bawat grupo.

## Pagtawid sa may traffic light

Tiyakin na ang mga bata ay nagrupo sa maayos na paraan (apatan na nakahanay sa dalawa) bago pindutin ang buton. Tumawid kapag nakikita na ang berdeng tao. Huwag tumawid kapag kumukurap-kurap ang pulang tao.

# Tawiran ng mga patrol ng paaralan

Kung may mga tawiran ng paaralan sa inyong rota, dapat tawiran ang mga ito.

# Mga Problema?

Kapag may nagpapatuloy na problema, tulad ng mga bangketa na nahaharangan o napinsala, mangyaring ipagbigay alam ang mga ito sa Auckland Transport sa 09 355 3553 o mag-email sa **info@aucklandtransport.govt.nz.**

## Impormasyong pangkaligtasan para sa mga ‘drayber’ at ‘konduktor’

- Ang ratio na walong bata sa isang nasa tamang edad (kung maaari ay dalawang nasa tamang edad) ang inirerekomenda.
- Ituro sa mga bata ang mga panganib kapag ang tumatawid sa mga driveway (dahil sa ang mga umaatras na mga sasakyan ay malamang na hindi makikita ng mga maliliit na bata)
- Ang rota ng bus ay naplano na at naasiyasat na ligtas sa peligro. Dapat na sundin ang napagkasunduang rota sa lahat ng oras. Ang anumang mga pagbabago sa rota at kakailanganing masiyasat at maaprobahan.
- Kung ang footpath ay naharangan dahil sa pansamantalang harang, hal. inaayos ang kalsada o mga nakaparadang sasakyan, kailangang iiwas nang naaangkop ng mga nasa tamang gulang ang WSB.
- Dapat na samahan ng mga drayber at konduktor ang grupo sa awtorisadong rota. Dapat silang umalalay kapag sasali o hihiwalay ang mga bata sa bus.
- Dapat na ituro ng mga drayber at konduktor ang mga inaasahang kilos sa mga baguhang sasali, paalalahanan silang makinig at sumunod sa mga bilin, lalong-lalo na ang tungkol sa paghinto at pagtawid sa kalsada.

# Mga tungkulin ng magulang/tagubilin

- Mahalagang inyong talakayin at ipaliwanag ang ‘Panata’ sa WSB sa inyong mga bata bago ninyong parehong pirmahan.
- Tungkulin ninyo ang kaligtasan ng inyong mga bata patungo at mula sa itinalagang ‘hintuan ng bus’ at sa pagsubaybay ng kaligtasan ng mga bata sa pagsakay at pagbaba ng bus.

